Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

27 Hulyo 2025 Ika-17 Linggo sa Karaniwang Panahon Taon K

WORLD DAY OF GRANDPARENTS AND THE ELDERLY
FIL-MISSION SUNDAY

# ANG PANALANGING NAKAPUPUKAW SA PUSO NG DIYOS



*Ayon sa turo ni Hesus sa kanyang mga disipulo at sa atin, ang Diyos ay hindi isang dapat katakutan, kundi isang mapagmahal na Amang dapat mahalin. Tinuruan niya tayong sa Ama'y manalanging parang mga batang dumudulog sa kanilang mga magulang, at tawagin Siyang "Abba o Ama" – masintahing pagtawag na puspos ng lambing, paggalang, at pag-asa.*

*Sa "Ama Namin," ipinahahayag natin di lamang ang **pagiging Ama ng Diyos** kundi pati ang **pagiging magkakapatid ng lahat ng tao.** Ipinahahayag natin ang panawagan sa atin para bumuo ng Kaharian sa pamamagitan ng pagmamahalan, pagpapatawaran, at pagkakaisa sa paglaban sa kasamaan at pagpapalaganap ng kabutihan sa lahat ng lugar.*

*Gawin natin ang "Ama Namin" na bukal ng inspirasyon sa araw-araw.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sa banal niyang tahanan lumalagi ang Maykapal, at kapisan n'ya ang tanan. Tanging s'ya ang magbibigay ng lakas sa sambayanan.**

***(Sal 68:5-6.35)***

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat tayo sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik sandali.)*

***B*** – **Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala** *(Ang lahat ay dadagok sa dibdib.)* **sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

***P*** – Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbu-

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

bunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, nililingap mo ang mga walang inaasahan kundi ikaw. Hindi maidarangal at hindi magiging banal ang sinumang sa iyo'y napapawalay. Dagdagan mo ang iyong kagandahang-loob sa amin upang sa iyong pamumuno at pangangasiwang magiliw mapakinabangan namin ang mga biyaya mo sa lupa bilang pagkakamit na namin sa makalangit mong pagpapala sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Gen 18:20-32***

*Sa madulang pag-uusap nina Abraham at ng Diyos, mahihinuha natin ang kahalagahan at kapangyarihan ng namamagitang panalangin ng isang mabuting tao. Mauunawaan din nating ang habag ng Diyos ay dapat tapatan ng pagsisikap na mamuhay alinsunod sa Kanyang mga kautusang moral.*

***L*–**Pagbasa mula sa Aklat ng Genesis

**Noong mga araw na iyon, sinabi ng Panginoon, "Katakut-takot na ang sumbong sa akin laban sa Sodoma at Gomorra, at napakalaki ng kanilang kasalanan. Paroroon ako at aalamin ko kung totoo."**

**Umalis nga ang mga lalaki at nagpunta sa Sodoma, ngunit nanatili ang Panginoon sa tabi ni Abraham. Itinanong ni Abraham, "Lilipulin po ba ninyo ang lahat ng tao, may kasalanan man o wala? Sakaling may limampung matuwid sa lunsod, wawasakin po ba ninyo iyon? Hindi ba ninyo patatawarin ang lunsod dahil sa limampung iyon? Naniniwala akong hindi ninyo idaramay ang mabubuti. Hindi ninyo gagawin iyon sapagkat kung ganito ang mangyayari, parehong magdurusa ang masama at mabuti. Hindi ito mangyayari! Makatarungan ang Hukom ng buong daigdig!" At tumugon ang Panginoon, "Hindi ko ipahahamak ang lunsod dahil sa limampung matuwid." "Ipagpaumanhin po ninyo ang aking kapangahasan," wika ni Abraham, "wala po akong karapatang magsalita sa inyo, pagkat alabok lamang ako. Kung wala pong limampu, at apatnapu't lima lamang ang matuwid, wawasakin ba ninyo ang lunsod?" "Hindi ko wawasakin dahil sa apatnapu't limang iyon," tugon ng Panginoon. Nagtanong na muli si Abraham, "Kung apatnapu lamang?" "Hindi ko wawasakin ang lunsod dahil sa apatnapung iyon," tugon sa kanya.**


**"Huwag sana kayong magagalit, magtatanong pa po ako. Kung tatlumpu lamang ang taong matuwid doon, hindi rin ninyo wawasakin?" Sinagot siya, "Hindi ko wawasakin ang lunsod dahil sa tatlumpung iyon." Sinabi pa ni Abraham, "Mangangahas po uli ako. Kung dalawampu lamang ang matuwid na naroon?" "Hindi ko pa rin wawasakin ang lunsod dahil sa dalawampung iyon," muling tugon sa kanya. Sa katapusa'y sinabi ni Abraham, "Ito na po lamang ang itatanong ko: Kung sampu lamang ang matuwid na naroon?" "Hindi ko pa rin wawasakin ang lunsod dahil sa sampung iyon," tugon ng Panginoon.**

Ang Salita ng Diyos!
***B*– Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Salmo 138***

***B –Noong ako ay tumawag, tugon mo'y aking tinanggap!***

*R. M. Velez*




*** Ako, Poon, buong-pusong aawit ng pasalamat, sa harap ng mga anghel, pupurihin kitang ganap. Sa harap ng iyong templo ay yuyuko at gagalang, pupurihin kita roon, pupurihin ang 'yong ngalan. *B.***

*** Dahilan sa pag-ibig mo at sa iyong katapatan, ika'y tunay na dakila, pati iyong kautusan. Noong ako ay tumawag, tinanggap ko ang tugon mo, sa lakas mong itinulong ay lumakas agad ako. *B.***

*** Kung ang D'yos mang Panginoon ay dakila at mataas, hindi niya nililimot ang aba at mahihirap; kumubli ma'y kita niya yaong hambog at pasikat. Kahit ako'y nababatbat ng maraming suliranin, ako'y walang agam-agam, panatag sa iyong piling. *B.***

*** Nahahandang harapin mo mapupusok kong kaaway, ligtas ako sa piling mo, sa lakas na iyong taglay. Yaong mga pangako mo ay handa mong tupding lahat; ang dahilan nito, Poon, pag-ibig mo'y di kukupas, at ang mga sinimulang gawain mo'y magaganap. *B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***Co 2:12-14***

*Ipinaaalaala sa atin ni Apostol Pablo na salamat sa pamamagitan ni Kristong ipinako sa krus, pinagkalooban tayo ng Diyos ng kapatawaran at bahagi sa kanyang muling pagkabuhay.*

***L*–**Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Colosas

**Mga kapatid: Nang kayo'y binyagan, nalibing kayong kasama ni Kristo at muling nabuhay na kasama niya dahil sa inyong pananalig sa kapangyarihan ng Diyos na muling bumuhay sa kanya.**

**Kayong mga Hentil na dat-**

**ing patay dahil sa kasalanan ay muling binuhay ng Diyos na kasama ni Kristo. Pinatawad niya tayo sa ating mga kasalanan at pinawalang-bisa ang lahat ng kasulatan laban sa atin, pati mga pananagutang kaugnay nito. Pinawi niya ang lahat ng ito nang ipako siya sa krus.**

Ang Salita ng Diyos!

***B* – Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** *Ro 8:15bk*

***B* –Aleluya! Aleluya!**
**Espiritu ng D'yos Anak ay siyang ating tinanggap nang D'yos Ama ay matawag.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lu 11:1-13*

*Sa salita't sa halimbawa, itinuro ni Hesus sa kanyang mga disipulo ang kahalagahan ng panalangin. Taglay ng sipi ng Ebanghelyo ngayon ang "Ama Namin" ayon kay Lucas at isang mapilit na pangganyak para idulog natin sa Ama ang ating mga kahilingan.*

***P* –** Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Minsan, nananalangin si Hesus. Pagkatapos niya, sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, "Panginoon, turuan po ninyo kaming manalangin, katulad ng ginawa ni Juan sa kanyang mga alagad."**

**Sinabi ni Hesus, "Kung kayo'y mananalangin, ganito ang sabihin ninyo: 'Ama, sambahin nawa ang ngalan mo. Magsimula na sana ang iyong paghahari. Bigyan mo kami ng aming makakain sa araw-araw. At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, sapagkat pinatatawad namin ang bawat nagkasala sa amin. At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok.' "**

**Sinabi pa rin niya sa kanila, "Ipalagay natin na ang isa sa inyo'y nagpunta sa isang kaibigan isang hatinggabi at nagsabi, 'Kaibigan, bigyan mo muna ako ng tatlong tinapay. Dumating kasi ang isa kong kaibigang naglalakbay at wala akong maihain sa kanya!' At ganito naman ang sagot ng kanyang kaibigan sa loob ng bahay, 'Huwag mo nga akong gambalain! Nakatrangka na ang pinto at nakahiga na kami ng aking mga anak. Hindi na ako maka-babangon pa upang bigyan kita ng iyong kailangan.' Sinasabi ko sa inyo, hindi man siya bumangon dahil sa kanilang pagkakaibigan, babangon siya upang ibigay ang hinihingi ng kaibigan dahil sa pagpupumilit nito.**

**Kaya sinasabi ko sa inyo: Humingi kayo, at kayo'y bibigyan; humanap kayo, at kayo'y makasusumpong; kumatok kayo, at ang pinto'y bubuksan para sa inyo. Sapagkat tumatanggap ang bawat humihingi; nakasusumpong ang bawat humahanap; at binubuksan ang pinto sa bawat kumakatok. Kayong mga ama, bibigyan ba ninyo ng ahas ang inyong anak kung humihingi ng isda? Bibigyan ba ninyo siya ng alakdan kung siya'y humihingi ng itlog? Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Amang nasa langit! Ibibigay niya ang Espiritu Santo sa mga humihingi sa kanya!"**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya
## Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

***P* –**Bunsod ng pananalig sa walang sawang pag-ibig ng Diyos, idulog natin sa Kaniya ang ating mga kahilingan para sa mga pangangailangan nating lahat:

***B* –Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Ama, pagpalain Mo ang Simbahan, ang mag-anak Mo sa lupa. Gawin Mo itong tahanan ng lahat ng tao at kanilang gabay tungo sa pagkakaisa at bukas-palad na pakikipagtulungan. Manalangin tayo! ***B.***

* Ama, pagpalain ang aming Santo Papa Leon XIV, mga Obispo, at lahat ng pinunong relihiyoso sa buong mundo. Gawin Mo silang mga kasangkapan ng Iyong makaamang pagmamahal para sa lahat. Manalangin tayo!***B.***

* Ama, pagpalain Mo ang mga mag-anak namin at gawin silang mga kanlungan ng tapat na pagmamahalan, pagkakaisa, at kapayapaan. Iligtas sila sa lahat ng anyo ng pagkakawatak-watak, paninibugho, at pagtataksil. Manalangin tayo! ***B.***

* Ama, pagpalain mo ang lahat ng lolo't lola, upang pagkalooban sila ng mabuting kalusugan at ng kagalakan sa pagmamahal at kalinga ng kanilang mga anak at mga apo. Manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Ama, pagpalain Mo ang lahat ng mga misyonero: pari, madre, relihiyoso, at boluntaryong laiko ay maging kapani-paniwalang patotoo sa Ebanghelyo sa kani-kanilang pinaglilingkuran. Manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Panginoong Diyos, Ama ni Hesukristo't Ama rin namin, huwag pansinin ang aming pagiging di karapat-dapat, kundi ang katapatan ng aming pagmamahal. Ipagkaloob sa amin ang kailangan naming mga biyaya, sampu ng kakayahan naming magdasal at magsumamo sa Iyo. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

***B* –Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** **–** Manalangin kayo . . .
***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** **–** Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay na sa iyo rin nagmula at ngayo'y aming inihahanda sa iyong dambana upang sa aming ginaganap na pagdiriwang ang iyong paglingap ay magtaguyod sa tanan at magpabanal sa aming pamumuhay sa kasalukuyan at mag-akay sa amin sa ligayang walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen!**

### Prepasyo I

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!
***B*** –**At sumaiyo rin!**
***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B*** –**Itinaas na namin sa Panginoon!**
***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B*** **–Marapat na siya ay pasalamatan!**
***P*** **–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*** **–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**
***P*** **–** Hinihiling namin . . .
***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** **–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*** **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Kaluluwang aking taglay, Poon ay 'yong papurihan. Huwag mong kalilimutan ang dulot n'yang kabutihan ngayon sa pakikinabang.** *(Sal 103:2)*

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** **–** Ama naming mapagmahal, pinagsaluhan namin sa banal na pakikinabang ang alaalang walang kupas ng iyong Anak na nag-alay ng sarili niyang buhay para sa aming kaligtasan. Ipagkaloob mong ito ay magdulot ng pagunlad sa ipinamana niya sa aming pagliligtas bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.
***B*** **–At sumaiyo rin!**

***P*** –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
***B*** **–Amen!**

***P*** –Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran.
***B*** **–Salamat sa Diyos!**




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# "UNLI" O "ONLY"?

*Kalakbay at Katoto*

Uso ngayon ang "unli" kahit saan. *Unli-mited calls, unlimited texts, unlimited rice,* at marami pang iba. Sa dami ng mga *network* na naglalaban-laban, unahan sila sa pagkakaloob ng kung ano-anong gimik upang mabili ang kanilang SIM at load. Sa dami ng mga kainan sa buong bansa, unahan din ang mga *food chains* ng kung ano-anong gimik na katumbas ng "unli." Andiyan ang Mang Inasal na nagpauso ng *unlimited rice.* Sumunod ang marami, kasama ang maraming kainan sa Cebu, na unahan sa pagkakaloob ng *unlimited rice.*

Ayaw ng tao ngayon ang anumang tasado. Hindi na kikita ang mga restoran na ang nakalagay sa plato ay kaning hugis tasa, na may katabing ilang hiblang hilong gulay, at ilang maliliit na pirasong ulam. Tulad ng mga **"load,"** gusto ng tao ngayon ay panay unli, walang limit, walang bakod, walang hangganan.

Kung walang limit, hindi ito nakukuha sa bilang. Sa unang pagbasa, tumawad si Abraham … kung may limampu, aniya, maglulubag ba kaya ang loob ng Diyos? Tugon ng Diyos ay hindi nabakuran ng bilang, ng numero o anumang pasubali. Naglubag ang loob ng Diyos, hanggang sa ang tawad ng Diyos ay bumaba sa sampu!

**Iisa ang tinutumbok ng pagbasang ito: unli ang pag-ibig ng Diyos . . . walang hangganan, hindi tasado, hindi bilang, hindi nababakuran**. Sa pakiusap ng taong nagsusumamo sa panalangin, naglulubag ang loob ng Diyos; humuhupa ang kanyang galit, at nagkakaloob ng hinihiling sa Kaniya.

Ito ang pangako ng Diyos sa isang nagsusumamong Abraham: *"Hindi ko wawasakin ang lunsod dahil sa sampung iyon."*

**Ngunit sa kabila ng paghahanap natin ng lahat ng uri ng *"unli,"* hindi maipagkakaila na marami sa ginagawa natin ay tasado, bilang, at sukat**. Binibilang natin ang minuto habang nag-sesermon si **Father.** Sinusukat natin ang takbo ng oras kung tayo ay gumagawa ng bagay na hindi natin lubos na gusto. Tinatasahan natin ang isa't isa kung hindi tayo lubos na magaan ang loob sa isa't isa. Binabakuran natin ang buhay natin… Tingnan nyo na lang kung gaano karaming bakod at guardia ang nagbabantay sa ating mga subdivision sa buong Pilipinas!

**Mapagkait tayo . . . madamot . . . . Mapagkwenta**, kung ang pag-uusapan ay ang pakikitungo natin sa Diyos. Ni hindi natin kaya manatili sa simbahan ng higit sa isang oras. Ni hindi tayo makahintay na matapos ang panghuling awit bago lumabas ng simbahan. Ni hindi tayo makarating sa Misa nang tama sa oras.

**Gusto natin ang *unli,* pero hindi *unli* ang pagmamahal natin sa Diyos.**

Ang magandang balita natin ngayon ay kabaligtaran ng mga saloobin nating madamot at mapagbilang. Para sa Diyos, pati tayong dati rati ay patay sa kasalanan, ay muli niyang binuhay. Sabi ni San Pablo ay *"pinatawad niya ang ating mga kasalanan at pinawalang-bisa niya ang lahat ng ito nang ipako siya sa krus."*

**Walang pasubali . . . walang hangganan . . . walang limitasyon ang pag-ibig niya sa atin.** Ni pagkadipa niya sa krus ay kanyang sinukat. Wala siyang ipinagkait. Walang ikinubli, at lalung walang binawi.

Medyo sukat din ang ating mga hiling. Lahat ay nabibilang. Lahat ay nasusukat. Subali't sa turo ng Panginoon sa atin, unli rin ang kanyang turo . . . Ama namin sa langit . . . sa langit, hindi sa lupang ibabaw. Bago humiling ng kung ano-ano, ay ipinagkaloob muna sa Diyos ang nararapat sa kanya – pagsamba, pagpupuri, pagbubunyi. "Sambahin ang ngalan Mo." Sa halip na makamundong hiling ay binigyang-halaga ang higit na mahalagang katotohanan . . . "mapasaamin ang kaharian Mo."

*Unli* ang hiling natin . . . *unlimited happiness, unlimited* na karangalan para sa Diyos, una sa lahat, bago sa tao.

Pero, sa kabilang dako, unli rin ang hanap natin kalimitan. Unli ang hanap ng mga korap na politicong walang kabubusugan. Unli ang hanap ng mga tiwaling hindi yata napupuno ang kaban, kahit na puno na ang salop ng taong-bayan, at handa nang kalusin ang kanilang salop. Unli ang gusto ng maraming politikong sila na lamang yata ang may karapatan at may kaalaman na "maglingkod sa bayan." Mayor na si Sir, ay mayora pa rin si Misis, at mayor at *congressman* pa si Junior at si Baby. *Unlimited* ang poder na

hanap ng mga rebelde. Walang balakid, walang harang, walang sasalungat.

Sa kabilang dako, sukat na sukat tayo kung magbigay. Subali't kung ang isang ama raw ay hindi magkakait ng anumang hiling ng isang anak, gaano pa kaya ang Diyos?

***Unli,* hindi *only,* ang Diyos natin. Hindi siya sukat kung magmahal**. *Unli* ang Diyos kung magkaloob, at *unli* ang hangad Niya para sa Ka-nyang mahal na bayan. Hindi tasado ang kanyang biyaya. Hindi di metro ang kanyang pagmamahal. "*kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa langit!*"